

令和6年度可児市キッズクラブ入室申請について
Aplikasyon para sa Kani City Kids Club FY 2024
(ika-1 ng Abril, 2024 hanggang ika-31 ng Marso taong 2025)

Ang tanggapan ng aplikasyon para sa mga bagong papasok na bata mula ika-lima (5) hanggang ika-anim (6) na baitang sa taong 2024 ay nakasaad sa sumusunod. Mangyari lamang na suriin ng mabuti ang mga dokumento bago isumite.

1 Tungkol sa Kids Club

<< Uri ng Serbisyo at Halaga ng Bayarin >>

Buong taon na paggamit (tsuunen) (kasama ang substitute holidays at mahabang bakasyon sa paaralan)	
Uri ng Paggamit	Halaga
Buong taon	¥5,000/buwan
Buong taon + Sabado	¥7,000/buwan

Paggamit tuwing mahabang bakasyon (chōki kyūuka) (sa panahon lamang ng mahabang bakasyon)	
Uri ng Paggamit	Halaga
Spring vacation (Abril)	¥1,800
Summer vacation	¥10,000
Winter vacation	¥1,400
Spring vacation (Marso)	¥1,400

Accident Insurance Fee (shōgai hokenryō)	
Para sa lahat ng papasok sa Kids Club	¥800/annual (mayroong posibilidad na magbago)

Kinakailangan bayaran ang paggamit sa Kids Club (Childcare Fee) at Accident Insurance fee.

※Ang pangunahin paraan ng pagbayad ay automatic bank transfer (kōza furikae).

※Maaaring mabawasan ang halaga ng bayarin para sa mga household na tumatanggap ng government assistance (seikatsu hogo). Kung kaya't mangyari lamang na ipagbigay-alam ang tungkol dito.

<< Kondisyon para sa paggamit ng Kids Club >>

Maaaring magsumite ng aplikasyon kung matugunan lahat ng kinakailangang kondisyon mula ① hanggang ③. Mangyaring pag-isipan muli ang pagpasa ng aplikasyon kung mayroong pamilya o kamag-anak na nakatira malapit sa tirahan o mayroong maaaring magbantay sa bata.

- ① Ang bata ay kasalukuyang mag-aaral na ika-1 hanggang ika-6 na baitang sa pampublikong paaralan ng elementarya sa lungsod ng Kani.
- ② Ang mga magulang at iba (gayundin ang mga kasama sa isang bahay) ay nasa trabaho sa oras ng uwian ng bata o sa panahon ng mahabang bakasyon (spring, summer at winter vacation). Kinakailangan na ang trabaho ay **mahigit labing-limang (15) araw sa isang buwan, mahigit tatlong (3) araw sa isang linggo at mahigit apat (4) na oras sa isang araw.**
- ③ Walang utang sa Kids Club at bayad ang Accident Insurance.

※Depende sa kalagayan ng aplikasyon ay uunahing isaayos ang aplikasyon ng mga nasa mababang baitang base sa oras ng trabaho at transportasyon ng mga magulang papunta sa trabaho.

※Hindi mabibigyan ng pahintulot na makapasok sa Kids Club ang batang mayroong nakakahawang sakit o mahina ang pang pisikal na kalusugan.

※Bukod sa trabaho ng mga magulang ay maaari rin makapasok ang bata kung ang magulang (o kasama sa loob ng bahay) ay mayroong sakit, kapansanan o nangangailangan ng nursing care.

<< Oras at Araw ng Paggamit >>

Araw ng Paggamit	Oras ng Paggamit	Araw na sarado ang Kids Club
Weekdays (tuwing may pasok sa paaralan)	Pagkatapos ng uwian hanggang 6:00PM	National holiday at new year's holiday (December 29 hanggang January 3) ※ Subalit, maaaring magkaroon ng pansamantalang pagsasara ang Club kung mayroong babala ng panahon o upang makaiwas sa paglaganap ng impeksyon.
Mahabang bakasyon at substitute holiday (araw na walang pasok sa paaralan)	8:00AM hanggang 6:00PM	
Sabado	8:00AM hanggang 6:00PM	

※Para sa hindi maiiwasang dahilan kaugnay sa trabaho ay maaaring gumamit sa umaga (sōchō hoiku) o mahabang (enchō hoiku) pagpapaalaga. Susuriin ang ipinasang mga dokumento at dito nakabase kung mabibigyan ng permiso. Ang pag-aalaga sa umaga (sōchō hoiku) ay mula 7:30AM at ang mahabang alaga (enchō hoiku) naman ay hanggang 6:30PM.

※Ang lugar ng pag-aalaga tuwing Sabado ay sa “Hiromi Elementary Dai 1 Kids Club”. Kinakailangan maihatid at sunduin ang bata hanggang sa entrance.

2 Mga Kinakailangang Dokumento para sa Aplikasyon

Kinakailangan pa rin magsumite ng aplikasyon kahit walang pagbabago ang nilalamang detalye sa nakaraang taon. Hindi tatanggapin ang aplikasyon kung hindi kumpleto ang mga dokumento.

<<Mga dokumento na kailangan isumite>>

- ① Kani City Kids Club Application Form (可児市キッズクラブ入室申請書) ※Punan ang harap at likod
- ② Pahintulot sa Pagsundo (お迎え同意書)
- ③ Employment Certificate (就労証明書) o dokumentong magpapatunay na hindi kayang bantayan ang bata (Sumangguni sa nakalakip na papel 1)

※Taong kailangan magsumite: Lahat ng miyembro na kasama sa loob ng tahanan (kahit magka-iba ng household) na nasa edad 20 hanggang 69 taong gulang sa fiscal year 2024.

- ④ Statement Form (申立書) *ito ay voluntary submission

※Ito ay kinakailangan sulatan kung mayroong ibang dahilan kung bakit nais ipasok sa Kids Club.

- Mga hindi pangkaraniwang rason sa pangangailangan ng Childcare
- Mga kailangang idagdag na salaysay tungkol sa Employment Certificate at Medical Certificate
- Mga hindi pangkaraniwang bagay na kailangang isaalang-alang (kalagayan sa loob ng tahanan (tungkol sa magulang na magka-iba ng tirahan), mga bagay na mayroong kaugnayan sa pangangatawan, kaisipan, emosyonal at iba pa)
- Para sa iba pang kadahilanan na kailangan ipagbigay alam

<<Petsa at Lugar ng Tanggapan ng Aplikasyon>>

oPara sa kasalukuyang gumagamit ng Kids Club ng buong taon (*tsuunen*)

Lugar: Kids Club ng bawat paaralan (tatawagan ang magulang sa ibang araw kung mayroong kulang na impormasyon sa ipinang dokumento)

Petsa: Ika-5 ng Enero (Biyernes) hanggang ika-12 ng Enero (Biyernes), 2024
Pagkatapos ng klase hanggang 6:00 PM (sa oras na bukas ang Kids Club)

oPara sa mga batang bukod sa nakasulat sa itaas

Lugar: Childcare Division “*hoiku-ka*” (sa loob ng Kani City Family Life Plaza MANO 2F)

Petsa: Ika-5 ng Enero (Biyernes) hanggang ika-19 ng Enero (Biyernes), 2024
Weekdays 8:30 AM hanggang 5:15 PM

Extended Hours: Ika-12 ng Enero (Biyernes) hanggang 7:00 PM

oAplikasyon sa paraan na Online

<https://logoform.jp/f/xLJVX>



Maaari nang mag-sumite ng aplikasyon sa online gamit ang website sa itaas. (Wikang Hapon lamang)

Panahon sa Aplikasyon: mula ika-5 ng Enero (Biyernes) ng 0:00 AM

3 Tungkol sa Batang Mayroong Mental at Pisikal na Kapansanan

Sa Kids Club ay magkakasama at mayroong group activities ang mga bata mula sa lahat ng baitang habang isinasaalang-alang ang kanilang kaligtasan. Mangyaring unawain ang mga nakasaad na kondisyon sa sumusunod bago magpasa ng aplikasyon. Maaari rin munang mag-oberba sa loob ng Kids Club kung ninanais.

1. Kung mayroong kakayahanan ang bata na makisama at sumali sa mga group activities.
2. Kung mayroong sapat na kakayahanan o sistema ang club para suportahan ang kanyang kalagayan.

4 Iba pa

Ang resulta ng aplikasyon kung ito ba ay “natanggap (hindi natanggap)” o nasa “waiting list” ay ipapadala sa kalagitnaan ng Pebrero. Kasabay din nito ang resulta sa aplikasyon para sa paggamit ng Kids Club sa umaga (*sōchō*) o mahaba sa hapon (*enchō hoiku*).

【Para sa Katanungan】

〒509-0209 Kani City Shimoedo 1-100 (Kani City Family Life Plaza MANO)

Kani City Hall Childcare Division After-school Childcare Section

Telepono: 62-1111 (Ext.no. 5522, 5523) E-mail: hoiku@city.kani.lg.jp

Employment Certificate at iba pang Kinakailangang Dokumento		
Employee (kasama ang mga patapos na ang <u>Childcare Leave</u>)	Company Employee	<ul style="list-style-type: none"> • Employment Certificate (<i>shuurō shōmeisho</i>) ✂(Naipagkaloob simula ika-1 Setyembre taong 2023) ✂Kung ang shift sa trabaho ay paiba-iba, maglakip ng dokumentong magpapatunay ng oras ng trabaho sa huling dalawang (2) buwan. Ang halimbawa sa shifting ay nasa sumusunod. Hal.1) Limang (5) oras ng trabaho sa pagitan ng 9:00AM-4:00PM Hal.2) 7:00AM-3:00PM at 8:00PM-4:00AM Hal.3) 8:00AM-2:00PM, 9:00AM-3:00PM, 9:00AM-5:30PM ✂Kung mayroong pagbabago sa oras o sa trabaho ay mangyaring humingi ng panibagong Employment Certificate na nakasaad dito ang pagbabago.
	Self-employed	<ul style="list-style-type: none"> Isumite ang lahat na nakasaad sa sumusunod. • Employment Certificate (<i>shuurō shōmeisho</i>) ✂(Naipagkaloob simula ika-1 ng Setyembre taong 2023) • Notification of Opening of Business (<i>kaigyō todoke</i>) o kopya ng Tax Declaration (<i>kakutei shinkokusho hikaie</i>)
Estudyante	Magulang	<ul style="list-style-type: none"> Isumite ang lahat na nakasaad sa sumusunod. • Student Identification Card (<i>gakuseishō</i>) • Kopya ng curriculum (dokumento na magpapatunay na nag-aaral sa araw)
	Kapatid	<ul style="list-style-type: none"> • Student Identification Card (<i>gakuseishō</i>) (para sa mahigit 20 taon gulang)
Tumatanggap ng Medical Treatment	<ul style="list-style-type: none"> Isumite ang alin man na nakasaad sa sumusunod. • Kopya ng Disability Card (<i>shōgaisha techō</i>) o Statement Form • Kopya ng Medical Certificate (<i>shindansho</i>) *nakasaad ang dahilan kung bakit hindi maalagaan ang bata. 	
Tumatanggap/nagbibigay ng Nursing Care	<ul style="list-style-type: none"> Isumite ang lahat na nakasaad sa sumusunod. • Dokumentong magpapatunay ng pangangailangan ng Nursing Care • Statement Form ✂Hindi kasali ang nagbabantay ng naka-admit sa loob ng Nursing Care Home. 	
Job Hunting	<ul style="list-style-type: none"> <u>Para lamang sa mga single-parent.</u> Isumite ang lahat na nakasaad sa sumusunod. • Statement Form (oras ng trabaho, bilang ng araw ng trabaho tuwing weekdays at bilang ng araw ng trabaho sa buong isang buwan) • Hello Work Card *Siguraduhin na makapag-sumite ng Employment Certificate <u>hanggang Marso</u>. Kapag ang working conditions ay hindi umaangkop sa kondisyon sa paggamit o hindi makapag-sumite, ay maaaring hindi mabigyan ng pahintulot na makapasok sa Kids Club. 	

Karagdagang Impormasyon:

✂Sa mga magtatapos na ang Childcare Leave (*ikuji kyuugyō*), ay kinakailangan magpasa ng Employment Certificate kung saan nakasulat ang petsa ng pagkaloob ng Childcare Leave at petsa ng pagbabalik sa trabaho.

✂Kung kukulangin ang Employment Certificate Form ay maaari itong i-kopya. Maaari rin makakuha ng kopya nito sa Kids Club, Childcare Division o mag-download sa Kani City Website. (<http://www.kani.city.lg.jp>)

✂Para sa magkapatid na nais ipasok sa Kids Club, ang original copy ng Employment Certificate ay sa aplikasyon ng nakakabatang kapatid isumite at sa nakakatandang kapatid naman ay maaaring kopya na lamang ng Employment Certificate.